

Checklist ng aplikasyon para sa mga pinalawak na benepisyo sa kawalan ng trabaho sa pandemya.

Maaari ka ring maging kwalipikado para sa mga benepisyo sa kawalan ng trabaho na ito kung hindi ka makapagtrabaho dahil sa COVID-19.

Kasama sa ilang sitwasyon ang:

- Sarado ang iyong lugar ng trabaho, hindi ka makapunta sa trabaho, kinailangan mong bumitiw sa trabaho o magtrabaho nang part time.
- Ikaw ay isang independiyenteng kontratista, may sariling hanapbuhay (self-employed) o hindi inuulat ang iyong mga suweldo at oras ng trabaho sa Employment Security (ahensiya ng pamahalaan ng Estado ng Washington para sa trabaho) -- at apektado ang iyong trabaho o nagsara ang iyong negosyo.
- Kailangan mong mag-alaga ng iyong anak na hindi makapunta sa paaralan o daycare

[Tingnan ang higit pang mga sitwasyong may kaugnayan sa COVID-19.](#)

Upang maging kwalipikado para sa mga pinalawak na benepisyo sa kawalan ng trabaho:

- Dapat ka munang mag-apply para sa mga regular na benepisyo sa kawalan ng trabaho at matanggihan. (Ipinag-uutos ito ng batas). Kung hindi ka pa nakakapag-apply at natanggihan, basahin ang tungkol sa mga kinakailangan sa kwalipikasyon [sa aming website](#). Tingnan din ang [Pansuri ng kwalipikasyon](#) at [Checklist ng aplikasyon](#) para sa mga regular na benepisyo.
- Dapat ay nakapagtrabaho ka nang ilang oras sa iyong basehang taon at nawalan ka ng trabaho dahil sa COVID-19. Ang iyong basehang taon ay ang unang apat sa huling limang lumipas na mga quarter sa kalendaryo bago ang linggo kung kailan ka nag-apply.

Bago ka mag-apply:

Ipinunin ang impormasyong kakaailanganin mo para kumpletuhin ang aplikasyon:

- Ang parehong personal na impormasyon, kasaysayan ng trabaho at impormasyon sa pagbabangko na inilagay mo sa aplikasyon para sa mga regular na benepisyo sa kawalan ng trabaho.
- Isa o higit pa sa mga dokumentong ito sa **2019**, kung ikaw ay may sariling hanapbuhay, isang independiyenteng kontratista o wala kami ng iyong impormasyon sa talaan ng pasahod (payroll).

- 2019 IRS Schedule C, K-1, F
- 2019 IRS Schedule 1125-E
- 2019 IRS 1040-SE
- 1099-Misc (2019)
- pahayag ng buwis o tax return para sa 2019 (1040 solo o magkasamang paghain)
- 2019 W-2 (hindi para sa pagkakaroon ng sariling hanapbuhay)

- Katibayan ng iyong mga kita sa **2019** ayon sa **quarter**: Hanapin ang mga numerong ito sa iyong tala ng checking account (check register), pahayag ng tubo at pagkalugi ng negosyo, balanseng talaan (balance sheet) at iba pang mga ulat sa accounting.

Paano mag-apply:

- [I-download ang gabay na ito](#) para sa detalyadong tulong at mga tagubilin.
- Inirerekomenda naming mag-apply ka online. Maaari ka ring mag-apply sa pamamagitan ng telepono, pero maraming tumatawag sa ngayon kaya magiging mas mabilis kung mag-a-apply online.
- Pinakamainam na gumamit ng laptop o desktop computer. Maaari kang gumamit ng telepono o tablet, pero maaaring mahirap mag-navigate sa aplikasyon.
- Gumawa ng account sa SecureAccess Washington (SAW) kung wala ka pa nito. Bago gumawa ng iyong account, [iwasan ang mga karaniwang problema](#) sa pamamagitan ng muling pagbabasa ng impormasyon sa aming website.
- Magsimula sa secure.esd.wa.gov/home. Gamitin ang iyong username at password sa SAW para i-access ang aplikasyon sa kawalan ng trabaho sa eServices.

Tandaan ang mga espesyal na tagubiling ito para sa paglalagay ng iyong impormasyon sa suweldo:

- Ilagay lamang ang iyong mga suweldo sa 2019, kahit hindi mo pa naihahain ang iyong income tax return para sa 2019.
- Ilagay lamang ang mga "net" (kasama ang mga pagbawas) na kita, hindi ang mga "gross" (kabuuan bago bawasan) na kita. Ang mga net na kita ay ang natitira pagkatapos ng anumang mga pagbawas.
- Kapag hinihingi sa iyong ilagay ang mga kita kada quarter, ilagay ang mga kita sa 2019 para sa Enero – Marso, Abril – Hunyo, Hulyo – Setyembre, at Oktubre – Disyembre.

Pagkatapos mong mag-apply at maaprobahan:

- Awtomatiko kang makakatanggap ng karagdagang \$600 para sa bawat linggo na magke-claim ka ng mga benepisyo mula Marso 29 hanggang Hulyo 25, 2020. Hindi mo kailangang hilingin ito.
- Magsimula kaagad na magsumite ng mga claim linggo-linggo —kahit bago ka pa maaprobahan.

